PAUNAWA SA MEDIA

PETSA: Hunyo 18, 2020
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.760.0285

$35 milyon na bagong pagpopondo para sa mga proyekto sa zero na emisyon sa California

Pagpopondo para sa suporta sa ground sa paliparan at kagamitan sa pangangasiwa ng kargo sa piyer, mga forklift, mga makina ng sasakyang-dagat, at shore power na proyekto

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang pagkakaroon ng Volkswagen Environmental Mitigation Trust ng $35 milyong pondo sa buong estado para sa mga sumusunod na negosyo:

- Pag-aalis at pagpapalit ng kagamitan sa suporta sa ground ng paliparan, kagamitan sa pangangasiwa ng kargo sa piyer, at mga forklift para sa mga bagong zero na emisyong teknolohiya;
- Pag-aalis at pag-repower ng mga makina ng sasakyang-dagat para sa mga ferry, tugboat, at towboat para sa mga bagong zero na emisyon, lahat de-kuryente, o fuel-cell na teknolohiya; at
- Pag-install ng shore power sa mga berth na nagsisilbing barkong naglalayag sa karagatan.

Iniaalok ang pagpopondo sa buong estado sa pamamagitan ng isang mahusay na solisitasyon, at iraranggo ang mga paggamit hinggil sa mga potensyal na mababawas sa mga emisyon ng NOx. Dapat tumakbo ang lahat ng popondohang kagamitan at sasakyan sa California. Nakadetalye sa solisitasyon ng programa ang isang kumpletong listahan ng lahat ng kwalipikasyon at kinakailangan sa pagpopondo. Hindi bababa sa 75 porsyento ng $35 milyong alokasyon ang inaasahan na mapapakinabangan ng mga komunidad kung saan talamak ang kahirapan at mababa ang kita. Pansamantalang nakaiskedyul na ilabas sa kalagitnaan ng 2020 ang isang hiwalay na solisitasyon para sa kategoryang ito na nag-aalok ng karagdagang $35 milyon.

Tumatanggap ng mga aplikasyon online sa www.CaliforniaVWTrust.org at ang takdang petsa ng aplikasyon ay sa Agosto 31, 2020, 1 p.m. PDT.

Ang VW Environmental Mitigation Trust ay isang pambuong-bansang programa na nagbibigay ng pondo sa mga estado para ganap nitong mabawasan ang labis-labis na emisyon ng NOx na dulot ng paggamit ng VW, sa mga sasakyang gumagamit ng diesel, ng mga defeat device na sumusuri ng mga ilegal na emisyon. Sa California, angZero-Emission Freight and Marine o ZEF&M, kasama

ng apat pang kategorya ay magbibigay ng pagpopondo na VW Environmental Mitigation Trust para sa mga kwalipikadong proyekto. Sa ngalan ng California Air Resources Board, kasama sa apat na iba pang kategorya at rehiyonal na ahensya sa kalidad ng hangin na itinalagang mangasiwa ng mga pondo sa buong estado ang:

- Mga proyekto para sa pampublikong bus, school bus, at shuttle bus na may zero na emisyon, na ibinibigay sa buong estado ng Distrito ng Pagkontrol sa Polusyon sa Hangin ng San Joaquin Valley:
- Mga class 8 na freight at port drayage truck na may zero na emisyon, na ibinibigay sa buong estado ng Distrito sa Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng South Coast.
- Impra-istruktura ng sasakyan na light-duty na zero na emisyon (mga istasyon sa pag-charge at istasyon sa hydrogen fueling), na pinapangasiwaan sa buong estado ng Bay Area Air Quality Management District
- Mga proyekto sa freight at transportasyon sa karagatan na nauugnay sa pagniningas, na ibinibigay sa buong estado ng Distrito ng Pagkontrol sa Polusyon sa Hangin ng South Coast.

Tinatantya ng California Air Resources Board na ang pagpopondo para sa lahat ng limang kategorya ay magreresulta sa mahigit 10,000 tonelada ng mababawas na NOx sa loob ng 10 taong panahon na ganap na magpapagaan sa mga epekto ng NOx na dulot ng mga defeat device ng VW.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa VW Environmental Mitigation Trust at sa mga detalye sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa kategorya ng ZEF&M, bisitahin ang www.californiavwtrust.org.

Ang Lupon ng Mga Mapagkukunan sa Hangin ng California (California Air Resources Board, CARB) ay ang nangungunang ahensya sa California para sa paglilinis ng hangin at paglaban sa pagbabago ng klima, para makamit at mapanatili ang mga pamantayan sa kalidad ng hangin batay sa kalusugan. Layunin nitong maitaguyod at maprotektahan ang pampublikong kalusugan, kaayusan, at mga ekolohikal na mapagkukunan sa pamamagitan ng epektibong pagbabawas ng mga nagpaparumi sa hangin at klima, habang kinikilala at inasaalang-alang ang mga epekto sa ekonomiya.

Ang Bay Area Air Quality Management District ay naglilingkod bilang tapagapangasiwa ng pagpopondo para sa ZEF&M na kategorya, sa pakikipagtulungan sa CARB. Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang rehiyonal na ahensya na responsable para sa pagprotekta ng kalidad ng hangin sa siyam na county na Bay Area. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Air District | *Mga Pahayag sa Media*